# Education Affairs Office, binuo ni Mayor Joy B

Binuo ni Quezon City Mayor Joy Belmonte, ang Education Affairs Office upang matiyak na mapapahusay ang programang pang edukasyon sa lungsod.

Ayon kay Mayor Belmonte, ang tanggapan ay pangangasiwaan ni dating QC Councilor Alyson Medalla upang maplano ng mabuti ang mga programa sa larangan ng edukasyon, makikipag-ugnayan sa Division of City Schools hinggil sa mga pangangailangan ng mga guro at mag-aaral at titiyak na magiging mataas ang kalidad ng edukasyon sa bagong QC University.

Bilang isa ang edukasyon sa top priority sa kanyang administrasyon, sinabi ni Belmonte na magpapatayo siya ng 53 classrooms sa Bagbag Integrated High School, ang kauna unahang walong palapag na public school building sa QC gayundin ang planong itayo ang Bagong Silangan High School sa susunod na taon.

"Katulad ng ating pinangako, tinatag na rin natin ang unang TESDA Assessment Center sa Brgy. Matandang Balara para bigyan ng higit na kahandaan ang ating mga senior high school tech-voc graduates sa papasukang trabaho at itatayong negosyo," sabi pa ni Belmonte.

Binigyang diin ni Belmonte na bagama't walang malaking pondo na naiwan ng nagdaang administrasyon ay gagawa ng mga paraan para matupad ang pangarap na mabigyan ng sapat na mga silid-aralan at mahusay na edukasyon ang mga kabataan ng QC.(*Angie dela Cruz*)